**LIGHT READING: newsletter ng customer mula sa Seattle City Light**
**Mayo-Hunyo 2016**

## INAPRUBAHAN NG KONSEHO ANG BAGONG LIDER PARA SA CITY LIGHT

Noong Marso, inaprubahan ng Seattle City Council ang nominasyon ni Mayor Ed Murray kay Larry Weis bilang general manager ng City Light. Pumasok si Weis sa lupon bilang pansamantalang lider noong Pebrero hanggang sa magkaroon ng mga pampublikong pulong ang Energy and Environment Committee ng konseho para sa nominasyon. Si Weis, na matagal nang naninirahan sa estado ng Washington, ay ang pinuno ng Austin Energy sa Texas bago niya tinanggap ang posisyon sa City Light.

## MAG-INGAT SA PAGNANAKAW

Aktibo ang mga magnanakaw kapag tumataas ang mga bill sa utility — tuwing taglamig, kapag nagpapainit ang mga tao, at kapag tag-init, kapag gumagamit sila ng mga air conditioner. Mangyaring mag-ingat kung may makikipag-ugnayan sa inyo tungkol sa isang isyu sa pagsingil, ito man ay sa pamamagitan ng email, telepono o nang personal. Kung mayroon kayong mga tanong, makipag-ugnayan sa aming Call Center sa 206-684-3000. Matuto nang higit pa sa www.seattle.gov/light/EndScams.

## IMPORMASYON SA UTILITY

Alamin kung kailan at saan magkakaroon ng brownout, mga video na pang-edukasyon at panlibangan, dagdag pa ang iba pang kapaki-pakinabang na impormasyon sa aming website:
Mapa ng City Light para sa brownout: seattle.gov/light/sysstat/
Mga video sa YouTube: youtube.com/user/SeattleCityLight
Gabay ng customer para sa Fingertip Facts: seattle.gov/light/pubs/

## TIP PARA SA KALIGTASAN MULA SA KAPALIGIRAN

"Kapag mainit ang panahon at nasa labas ang mga bata, ipaalala sa kanilang huwag umakyat sa mga punong malapit sa mga linya ng kuryente o huwag umakyat sa mga poste ng kuryente. Huwag magpalipad ng mga saranggola o laruang eroplano malapit sa mga linya ng kuryente. At kung binabalak ninyong magtayo ng tree house, suriin kung ligtas ang lokasyon ng puno, malayo dapat ito sa mga linya ng kuryente."

-Wyatt Brown, Apprentice line worker ng City Light

**SA INYONG KAPITBAHAYAN: ANG CITY LIGHT SA PAGLILINGKOD**

Ang mga crew ay nasa mga kapitbahayang ito at nagtatrabaho upang bigyan kayo ng maaasahang kuryente:

• Holly Park: pagpapahusay sa mga poste ng ilaw;

• Elliott Bay: paglilipat/pagbabalik ng mga underground na serbisyo bilang suporta sa proyektong seawall;

• South Lake Union/Denny Triangle: paglalagay ng mga vault at duct bank sa ilalim ng lupa para sa bagong Denny Substation;

• Yesler Way/5th Avenue South: paglalagay ng linya ng kuryente sa ilalim ng lupa bilang paghahanda para sa rehabilitasyon ng Yesler Way Bridge;

Isa itong hindi kumpletong listahan. Para sa mga detalye, pumunta sa seattle.gov/light/atwork/ at i-click ang cone na kulay orange.

**IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN**

700 Fifth Avenue, Suite 2822
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023
www.seattle.gov/light
www.facebook.com/SeattleCityLight
www.twitter.com/SeaCityLight

May mga tanong, komento o suhestyon ka ba?

Tumawag sa (206) 684-3000